



Edukasyon sa Sekswal na Kalusugan Saklaw at Pagkakasunod-sunod para sa Pre-K hanggang Baitang 12

Makatwirang Paliwanag para sa Pre-Kindergarten hanggang Baitang 2

Ang mga bata sa Pre-K hanggang sa ika-2 baitang ay mausisa, madaling naiimpluwensyahan at umaasa sa iba. Tungkol sa sekswalidad, ang mga bata ay may likas na pag-uusisa tungkol sa kanilang mga katawan, pati na rin sa mga pangunahing kaalaman sa mga istruktura ng pamilya at pagkakaroon ng anak. At saka, ang mga bata ay nangangailangan ng pag-unawa sa kung bakit pribado para sa iba ang kanilang mga katawan at ang hanay ng kakayahan na maghanap ng suporta kapag kinakailangan o ninanais. Kaya, ang mga yunit/aralin ng Pre-K hanggang ika-2 baitang ay nilikha upang magbigay sa mga mag-aaral ng mga pangunahing pag-unawa sa sekswalidad ng tao, ayon sa inirerekumenda ng mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad, pati na rin ng pagsasanay sa nagpapahusay sa kalusugan na mga pag-uugali ng mga kakayahan sa pangunahing mabisang komunikasyon at pamamahala ng sarili (Pambansang mga Pamantayan sa Edukasyon sa Kalusugan 4 at 7).

Pre-K at Kindergarten

Tema: Ang Ating Maligaya at Nakalulusog na Silid-aralan

Aralin 1: Ang Ating Maligaya at Malusog na Komunidad sa Silid-aralan. – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan sa tulong ng kanilang guro na dapat sundin upang mapanatili ang komportable at ligtas na komunidad sa silid-aralan.

Aralin 2: Iba't Ibang mga Uri ng Pamilya sa Ating mga Tahanan – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa iba't ibang mga istruktura ng pamilya at kung paano pakikitunguhan ang lahat ng mga pamilya nang may paggalang.

Aralin 3: Pagpapahayag ng Ating mga Damdamin – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa mga salita ng damdamin at kung paano ipahayag ang kanilang mga damdamin gamit ang pahayag na "Pakiramdam ko".

Aralin 4: Ang Ating Network ng Kaligtasan – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga mapagkakatiwalaang nasa hustong gulang sa kanilang Network ng Kaligtasan at sa paaralan.

Aralin 5: Pag-uunawa sa Ating mga Katawan – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga pampubliko at pribadong bahagi ng katawan gamit ang mga termino na medikal na tumpak. **Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 6: Ligtas at Hindi Ligtas na mga Paghipo – Matututo ang mga mag-aaral na walang sinuman ang pinapayagan na humipo sa kanilang mga pribadong bahagi ng katawan nang walang pahintulot. **Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 7: Mga Sorpresa laban sa Sabihin ang mga Lihim – Matututo ang mga mag-aaral ang pagkakaiba sa pagitan ng mga sorpresa at mga lihim na dapat sabihin sa isang mapagkakatiwalaang may sapat na gulang. **Sinusupportahan ng araling ito ang mga**

iniaatas ng Erin's Law.

Aralin 8: Pagtatasa ng mga Natutunan – Gagamitin ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan sa mga nakaraang aralin.

Ika-1 na Baitang

Tema: Ang Ating Maligaya at Malusog na Silid-aralan

Aralin 1: Ang Ating Maligaya at Malusog na Komunidad sa Silid-aralan – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan sa tulong ng kanilang guro.

Aralin 2: Pagbabahagi ng Ating Damdamin – Matututo ang mga mag-aaral ang mga paraan ng pagpapahayag ng kanilang mga damdamin sa mga pahayag na "Pakiramdam ko".

Aralin 3: Mga Pamilya sa Ating mga Tahanan– Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa iba't ibang mga istruktura ng pamilya at kung paano pakikitunguhan ang lahat ng mga pamilya nang may paggalang.

Aralin 4: Nagbabago ang mga Pamilya– Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga paraan na maaaring magbago ang isang pamilya at kung paano haharapan ang mga damdamin na kasama ng isang nagbabagong pamilya.

Aralin 5: Ating mga Pagkakaibigan – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga katangian ng isang kaibigan at matututo kung paano ipahayag ang kanilang mga damdamin sa bawat isa sa isang malusog na paraan.

Aralin 6: Ligtas at Hindi Ligtas na mga Paghipo – Matututo ang mga mag-aaral na makilala ang kaibahan ng palakaibigan, ligtas, at hindi ligtas na mga paghipo at kung paano tumugon sa hindi ligtas na mga paghipo. ***Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 7: Mga Sorpresa laban sa Sabihin ang mga Lihim– Matututo ang mga mag-aaral ang mga diskarte upang sabihin sa isang pinagkakatiwalaang may sapat na gulang ang mga lihim na nakakatakot o hindi komportable. ***Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 8: Pagbabahagi ng Ating mga Natutunan – Gagamitin ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan sa mga nakaraang aralin.

Ika-2 Baitang

Tema: Ang Ating Maligaya at Malusog na Komunidad ng Silid-aralan

Aralin 1: Ang Ating Maligaya at Malusog na Komunidad sa Silid-aralan – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan sa tulong ng kanilang guro.

Aralin 2: Ano ang Gagawin Kapag Nakakasakit ang mga Salita o mga Pagkilos – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga anyo ng pang-aapi at ano ang gagawin kapag nakakakita sila ng isang taong inaapi.

Aralin 3: Ang Ating mga Katawan at Ang Ating mga Lugar – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa katawan, kabilang ang mga termino para sa pag-aari ng lalaki o babae na medikal na tumpak. ***Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 4: Paghihinto sa Pag-aapi ng Kasarian – Matututo ang mga mag-aaral kung paano kikilalanin at tugunan ang pang-aapi sa kasarian.

Aralin 5: Pagbabawas sa Pagkalat ng mga Mikrobyo – Matututo ang mga mag-aaral kung paano kumakalat ang mga mikrobyo at sasanayin nila ang mga paraan upang mabawasan ang pagkalat ng mga mikrobyo.

Aralin 6: Ang Aking Katawan ay Akin – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng mga sorpresa at sabihin ang mga lihim na dapat sabihin sa isang mapagkakatiwalaang may sapat na gulang. **Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 7: Ating mga Pamilya – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang pagkakaiba-iba ng mga istruktura ng pamilya at kung paano maging magalang sa lahat ng pamilya.

Aralin 8: Mga Buhay at Hindi Buhay na Bagay (+ Pagpaparami) – Ihahambing at pag-iibahin ng mga mag-aaral ang mga buhay at hindi buhay na bagay, kabilang na ang buhay na mga bagay ay nagpaparami.

Aralin 9: Pagtuturo sa Iba – Ang mga mag-aaral ay lilikha ng mga patalastas upang turuan ang iba ang kanilang natutunan sa mga nakaraang aralin.

Makatwirang Paliwanag para sa Baitang 3 hanggang Baitang 5

Ang mga bata sa ika-3 hanggang ika-5 baitang ay mausisa, madaling ituro at nagsisimulang maging mas may tiwala sa sarili gayundin ang pagiging higit na may kamalayan sa kanilang mga kaedad. Tungkol sa sekswalidad, ang mga bata ay may likas na pag-uusisa tungkol sa kanilang mga katawan, pati na rin ang mga pangunahing kaalaman sa mga istruktura ng pamilya, pagpaparami at mga personal na relasyon. At saka, kinakailangan nila ang pag-uunawa sa kung paano nakakaimpluwensya sa iba ang kanilang pag-uugali, lalo na sa mga sitwasyon ng pang-aapi, na pribado sa iba ang kanilang mga katawan, at ang hanay ng kasanayan upang maghanap ng suporta kung kinakailangan o ninanais. Ang mga yunit/aralin na ito ay nilikha upang magbigay sa mga mag-aaral sa ika-3 hanggang ika-5 baitang ng mga pangunahing pag-uunawa sa sekswalidad ng pantao, ayon sa binanggit ng mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad, pati na rin ang mga kasanayan sa pangunahing mabisang komunikasyon, pamamahala sa sarili at paggawa ng desisyon (Pambansang Edukasyon sa Kalusugan mga Pamantayan 4, 5 & 7).

Ika-3 Baitang

Tema: Pagiging mga UPSTANDER!

Aralin 1: Pagiging mga Upstander! – Itatag ng mga mag-aaral ang mga aasahan sa silid-aralan at matututo kung paano pakikitunguhan ang iba nang may paggalang sa pamamagitan ng pagiging mga upstander sa kanilang mga komunidad.

Aralin 2: Malusog laban sa Hindi Malusog na mga Relasyon – Matututo ang mga mag-aaral kung ano ang bumubuo sa isang malusog at hindi malusog na relasyon.

Aralin 3: Pagiging isang Upstander para sa Aking Sarili – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng pagpapahalaga sa sarili at mabisa sa sarili.

Aralin 4: Pagiging isang Maunawain na Kaibigan – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa pagkaunawa at simpatiya at sasanayin na maging maunawain sa maliliit na grupo.

Aralin 5: Pagiging isang Upstander na Kaibigan – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga pagkilos na maaari nilang gawin kung makakita sila ng isang tao na inaapi.

Aralin 6: Ang Kapangyarihan ng mga Salita – Matututo ang mga mag-aaral kung paano nakakasakit ang mga salita sa tao at sa online at kung paano tumugon sa mga nakakasakit na salita na ginagamit online.

Aralin 7: Ang Aking Katawan ay Akin – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga sorpresa at sabihin ang mga lihim na dapat sabihin sa isang mapagkakatiwalaang may sapat na gulang. ***Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 8: Pagrerepaso Kung Paano Maging isang Upstander para sa Kaligtasan – Matututo ang mga mag-aaral ang mga pangunahing konsepto sa kaligtasan at baguhin ang isang kuwento upang maisama ang mga gawi sa kaligtasan. ***Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 9: Pagtuturo sa Iba na Maging isang Upstander – Lilikha ang mga mag-aaral ng isang kuwento upang ituro sa iba ang kanilang natutunan sa mga nakaraang aralin.

Ika-4 na Baitang

Tema: Ang Aking Malusog na mga Gawi/Yunit ng Sekswal na Kalusugan

Aralin 1: Panimula sa Yunit ng Aking Malulusog na Gawi (Buhay ng Pamilya/Sekswal na Kalusugan na Yunit) – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan, susuriin ang kanilang sariling malulusog na gawi, at sasanayin ang mga ehersisyo sa paghinga.

Aralin 2: Pangangalaga sa Ating mga Katawan sa Pamamagitan ng mga Pangunahing Gawi sa Kalinisan – Ang mga mag-aaral ay matututo tungkol sa at ipapakilala ang mga pangunahing gawi sa kalinisan.

Aralin 3: Pagbibinata/Pagdadalaga – Ano ang Pagbibinata/Pagdadalaga Bahagi 1 – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa mga pangunahing pagbabago sa pisikal, kaisipan, emosyonal at panlipunan na nagaganap sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga para sa karamihan ng mga tao.

Aralin 4: Pagbibinata/Pagdadalaga – Ano ang Pagbibinata/Pagdadalaga Bahagi 2– Patuloy na matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa mga pagbabago na nagaganap sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga at kung paano naiiba para sa lahat ang mga karanasan sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga.

Aralin 5: Pagbibinata/Pagdadalaga – Mga Pagbabago na Nagaganap sa Karamihan ng mga Lalaki at Babae – Patuloy na matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa mga pagbabago na nangyayari sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga nang may pagtuon sa mga pisikal na pagbabago na nagaganap sa karamihan ng mga lalaki at karamihan ng mga babae at malulusog na kasanayan sa kalinisan sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga.

Aralin 6: Pagtatanggol para sa Ating Kalusugan sa Lipunan – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga sitwasyon kung saan ang isang tao ay inaapi at ang mga mabisang paraan upang mamagitan.

Aralin 7: Pakikipag-usap nang Ligtas Online – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga pagkakaiba at pagkakaipareho sa pagitan ng mga personal na kaibigan at online na mga kaibigan at pribadong impormasyon na hindi dapat ibinabahagi sa online.

Aralin 8: Ang "HINDI!", Sige, Sabihin na Malusog na Gawi – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang ligtas at hindi ligtas na mga paghipo at sasanayin ang mga paraan upang maprotektahan ang kanilang sarili mula sa mga hindi ligtas na sitwasyon. ***Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 9: Ang Aking Malulusog na Gawi Ngayon – Susuriin ng mga mag-aaral ang mga gawi na nakakaapekto sa kanilang kalusugan at kagalingan at sasanayin ang mga pagsasanay sa paghinga.

Ika-5 Baitang

Tema: Pagiging isang Malusog na Nagbibinata/Nagdadalaga (para sa kanilang Sekswal na Kalusugan)

Aralin 1: Paggawa ng Desisyon 101 para sa Yunit sa Ating Kalusugan ng Nagbibinata/Nagdadalaga – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan at rerepasuhin ang mga kasanayan sa paggawa ng desisyon.

Aralin 2: Ang mga Pangunahing Kaalaman sa Pagbibinata/Pagdadalaga – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga karaniwang pagbabago na nararanasan ng karamihan sa mga tao sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga, anuman ang kasarian.

Aralin 3: Paggamit ng DECIDE na Modelo sa mga Pangunahing Kaalaman sa Pagbibinata/Pagdadalaga – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga hakbang ng isang modelo ng paggawa ng desisyon at gamitin ang mga hakbang na ito sa isang sitwasyon na nauukol sa pagbibinata/pagdadalaga.

Aralin 4: Mga Pagbabago sa Pagbibinata/Pagdadalaga para sa Karamihan ng mga Lalaki at Karamihan ng mga Babae (+ mga bahagi ng katawan) – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga bahagi at pag-gana ng mga sistemang pang-reproduktibo para sa karamihan ng mga lalaki at karamihan ng mga babae.

Aralin 5: Paggamit ng DECIDE na mga Hakbang ng Paggawa ng Desisyon sa mga Karaniwang Pagbabago sa Pagbibinata/Pagdadalaga – Gagamitin ng mga mag-aaral ang mga DECIDE na mga hakbang ng paggawa ng desisyon sa isang sitwasyon na kinasasangkutan ng pagbibinata/pagdadalaga sa pamamagitan ng pagganap ng isang senaryo.

Aralin 6: Ang mga Katotohanan Tungkol sa mga Mikrobyo at HIV – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang paglipat ng mga mikrobyo, matututo ang tungkol sa mga nakakahawang sakit at hindi nakakahawang mga sakit, at ipapakilala sa HIV bilang isang virus na dala ng dugo.

Aralin 7: Mga Pagbabago sa Lipunan: Pagiging Malinaw sa Iyong mga Kaibigan – Matututo ang mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng komunikasyon at sasanayin ang mga kasanayan sa pagtanggì sa mga sitwasyon kung saan ay nakakaranas sila ng panggigipit ng kasamahan.

Aralin 8: Ano ang PAG-IBIG? – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang pagkakaiba sa pagitan ng "pagka-gusto" at "pagmamahal" sa isang tao at tatalakayin ang sekswal na oryentasyon.

Aralin 9: Mga Desisyon na Magagawa at Hindi Magagawa ng isang nasa ika-5 Baitang – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa mga batas sa Illinois patungkol sa pahintulot at rerepasuhin ang ligtas at hindi ligtas na mga paghipo. ***Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 10: Bakit Tayo Nagbibinata/Nagdadalaga? – Ipapakilala ang mga mag-aaral sa mga konsepto sa pagpaparami ng tao at sisiyasatin kung paano inihahanda ng pagbibinata/pagdadalaga ang katawan para sa pagpaparami.

Aralin 11: Mga Desisyon Tungkol sa Pagprotekta sa Iyong Sarili – Ang abstinensya ay binibigyang-diin bilang isang naaangkop na sekswal na kasanayan sa paglaki. Ang mga pamamaraang kontraseptibo na hormonal at paghadlang ay ipinakilala bilang mga paraan upang pigilan ang pagbubuntis at mga STI.

Aralin 12: Paggamit ng Paggawa ng Desisyon para sa Pagiging Isang Malusog na Nagbibinata/Nagdadalaga – Gagamitin ng mga mag-aaral ang mga hakbang ng paggawa ng desisyon sa isang pansariling desisyon na malamang ay gagawin nila sa susunod na taon.

Makatwirang Paliwanag para sa ika-6 na Baitang

Habang tumatanda ang kabataan, nagpapatuloy silang gumawa ng dumaraming mga desisyon sa kanilang buhay, kabilang ang mga iyong nauukol sa kanilang sekswal na kalusugan. Muling babalikan ng Yunit ng Sekswal na Kalusugan ng ika-6 na baitang ang DECIDE na mga Hakbang sa Paggawa ng Desisyon na ipinakilala sa ika-5 baitang upang lalo pang mapalakas ang paggamit ng mga mag-aaral sa malusog na paggawa ng desisyon (Pambansang Edukasyon sa Kalusugan Pamantayan 5). Ang mga hakbang na ito ay ginagamit sa iba't ibang mga paksa sa sekswal na kalusugan na naaangkop sa edad at naaangkop sa paglaki para sa mga nagbibinata/nagdadalaga, ayon sa inirerekumenda nga mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad. Ang mga mag-aaral ay hinahamon na sisiyasatin kung sino sila at ang mga desisyon na maaari nilang gawin bilang isang nagbibinata/nagdadalaga.

Ika-6 na Baitang

Tema: Paggawa ng Desisyon – Sino Ako?

Aralin 1: Paggawa ng Desisyon 102: Sino Ako? – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan at rerepasuhin ang mga hakbang ng paggawa ng desisyon.

Aralin 2: Ang Pagbabago ay isang Likas na Pangyayari para sa Ating Lahat (pagrerepaso sa pagbibinata/pagdadalaga) – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga karaniwang pagbabago na nagaganap sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga at kikilalanin nila ang mga website na naglalaman ng impormasyon na medikal na tumpak na tungkol sa pagbibinata/pagdadalaga para sa mga nasa ika-6 na baitang.

Aralin 3: Ang mga Katotohanan ng Pagbibinata/Pagdadalaga at Paggawa ng Desisyon – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga karaniwang sitwasyon na nagaganap para sa karamihan ng mga lalaki at karamihan ng mga babae sa panahon ng pagbibinata/pagdadalaga at gagamitin ang mga hakbang sa paggawa ng desisyon sa isang sitwasyon na nauukol sa pagbibinata/pagdadalaga.

Aralin 4: Nararapat ang Lahat para sa Pagtanggap at Paggalang – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang kaibahan ng pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, at kasarian na ifinalaga sa kapanganakan. Aanalisahin nila ang mga Patnubay ng mga Pamublikong Paaralan ng Chicago nauukol sa pagkakakilanlan.

Aralin 5: Ang mga Katotohanan ng Pagbibinata/Pagdadalaga at ang Kinakailangang Paggawa ng Desisyon – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa pagpaparami, pagbubuntis, pagbuo ng sanggol, at mga kasanayan sa prenatal na nag-aambag sa isang malusog na pagbubuntis.

Aralin 6: Pagdedesisyon sa Kung Ano ang Paniniwalaan Online... Pagiging isang Sekswal na Detektibo – Ipapakita ng mga mag-aaral ang pag-uunawa sa kung paano tutukuyin kung ang isang website ay medikal na tumpak, naaangkop sa edad, at positibo sa kabataan.

Aralin 7: Pakikipag-chat nang Ligtas Online – Pagmumuni-munihan ng mga mag-aaral kung anong impormasyon ang ligtas na ibahagi online at matututong kikilalanin ang mga babala ng panganib na damdamin kapag nakikipag-chat online at kung paano tutugon.

Aralin 8: Pag-uunawa sa mga Romantiko na Relasyon – Tatalakayin ng mga mag-aaral ang mga pagkakaipareho at pagkakaiba sa pagitan ng pagkakaibigan at mga romantiko na relasyon.

Aralin 9: Pagka-gusto at Pagmamahal – Ngayon at Kapag Mas Matanda Ka Na – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga hindi-sekswal na aktibidad upang maipakita ang pagmamahal, isiping muli ang mga uri ng sekswal na pakikipag-ugnayan, at isiping muli ang mga termino na abstinensya, pahintulot at mga hangganan.

Aralin 10: Pagpapakita ng Desididong Paggawa ng Desisyon – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa iba't ibang anyo ng komunikasyon at paggawa ng desisyon sa nakapaligid sa sekswal na kalusugan at mga kasanayan. Tatalakayin din ng mga mag-aaral ang pahintulot at kikilalanin ang isang mapagkakatiwalaang may sapat na gulang na maaari nilang pag-ulatan ng sekswal na pag-atake o panggagahasa. **Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 11: Mga Desisyon Tungkol sa Pagprotekta sa Iyong Sarili – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang abstinensya bilang ang sekswal na pag-uugali na naaangkop sa pag-laki para sa mga nasa ika-6 na baitang. Matututo ang mga mag-aaral ang mga benepisyo, panganib, at pagiging epektibo ng iba't ibang uri ng mga pamamaraan ng kontrasepsyon, kabilang ang abstinensya, pag-urong, mga pamamaraang paghadlang, at mga pamamaraang

hormonal. Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga palatandaan at sintomas ng pagbubuntis.

Aralin 12: Paggamit ng Paggawa ng Desisyon para sa Ating Yunit na Pinamagatang "Sino Ako?" – Gagamitin ng mga mag-aaral ang isang modelo ng paggawa ng desisyon sa isang makatotohanang desisyon sa sekswal na kalusugan.

Makatwirang Paliwanag para sa Baitang 7

Ang pagkakalantad sa mga impluwensya, kabilang ang media at mga kaedad, ay tumataas habang tumatanda ang kabataan. Ang yunit ng ika-7 baitang sa Sekswal na Kalusugan ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na aanalisahin kung paano maaaring makaapekto ang iba't ibang mga impluwensyang ito sa kanilang sekswal na kalusugan at sa paggawa ng desisyon sa naaangkop na edad at naaangkop na paglaki na impormasyon sa sekswal na pangkalusugan, ayon sa inirerekumenda ng mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad. Matapos aanalisahin ng mga mag-aaral ang mga impluwensya ng pamilya, kaedad, kultura, media, teknolohiya, at iba pang mga salik (Pambansang Edukasyon sa Kalusugan Pamantayan 2), bibigyan sila pagkatapos ng pagkakataong ibahagi ang kanilang natutunan, gayundin ang itaguyod sa isa't isa kung paano **hindi** maaapektuhan nang negatibo ng mga hindi malusog na impluwensya at maging may kapangyarihan ng mga positibong impluwensya.

Ika-7 Baitang

Tema: Ano ang Nakakaimpluwensya sa Aking Sekswal na Kalusugan? Pag-aanalisa sa mga Impluwensya

Aralin 1: Ano ang Nakakaimpluwensya sa Aking Sekswal na Kalusugan? Panimula (Mga Inaasahan ng Yunit + Pag-aanalisa sa mga Impluwensya) – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan at ipapakilala sa konsepto ng pag-aanalisa ng mga impluwensya.

Aralin 2: Ang Social-Ecological na Modelo at Sekswal na Kalusugan (Mga Mensahe sa Loob at Paligid Natin) – Magtatata ang mga mag-aaral ng mga mensahe na nauukol sa sekswal na kalusugan mula sa iba't ibang mga pinagmulan at tutukuyin ang pinaniniwalaan nilang nakakaimpluwensya sa kanila.

Aralin 3: Pagrerepaso sa Anatomya at Pisyolohiya – Isang Intrapersonal na Impluwensya – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga pangunahing konsepto ng reproductibong anatomya at pisyolohiya at aanalisahin kung paano makakaapekto ang kanilang mga katawan sa kanilang sekswal na kalusugan.

Aralin 4: Pagkakakilanlan ng Kasarian, Pagpapahayag ng Kasarian, at Sekswal na Oryentasyon – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, at sekswal na oryentasyon at kikilalanin ang mga paraan ng pakikitunguhan sa mga LGBTQ+ na indibidwal nang may paggalang.

Aralin 5: Paggalang sa Aking Sarili at sa Iba – Tatalakayin ng mga mag-aaral kung paano nakakapinsala sa mga LGBTQ+ na indibidwal ang pang-aapi at kikilalanin kung paano maaaring magtaguyod ang isang kaalyado para sa magalang na pagtrato sa lahat ng tao, kabilang ang mga LGBTQ+ na indibidwal.

Aralin 6: Ang Epekto ng mga Tao sa Paligid Natin sa Ating Sekswal na Kalusugan – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga personal na impluwensya sa kanilang sekswal na kalusugan at tatalakayin ang mga batas tungkol sa pahintulot at edad.

Aralin 7: Pagiging isang Positibong Impluwensya sa Iba – Mga Hakbang ng Bystander at mga Katotohanan ng Pahintulot – Tatalakayin ng mga mag-aaral kung paano kumilos kung nakakasaksi ng hindi naaangkop na sekswal na mga pag-uugali at magpapakita ng pag-uunawa na walang sinuman ang may karapatang na lumabag sa mga hangganan ng ibang tao. ***Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 8: Ang Ating Komunidad – Magagamit na mga Mapagkukunan ng Sekswal na Kalusugan – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang lokal na mga mapagkukunan ng sekswal na kalusugan at lilikha ng isang polyeto para sa isang mapagkukunan.

Aralin 9: Katotohanan sa Media? – Tutukuyin ng mga mag-aaral ang imahe ng katawan at hugis ng katawan at sisiyasatin kung paano naiimpluwensyahan ng media ang mga pagdama sa imahe at hugis ng katawan.

Aralin 10: Pag-iimpluwensya sa mga Kaedad na Gumamit ng mga Kondom at Magpasuri para sa STI – Ilalarawan ng mga mag-aaral kung paano ginagamit ang panloob at panlabas na mga kondom at sasanayin ang pagtatalakay ng paggamit ng kondom sa isang kaedad.

Aralin 11: Kabataan at Pampublikong Patakaran sa Sekswal na Kalusugan – Sisiyasatin ng mga mag-aaral kung paano nakakaapekto ang mga pampublikong patakaran sa sekswal na kalusugan ng mga tao.

Aralin 12: Pag-aanalisa sa mga Impluwensya – Mensahe sa Iba + Personal na Pagmumuni-muni – Aanalisahin ng mga mag-aaral ang isang impluwensya na maaaring makaapekto sa sekswal na kalusugan ng isang kabataan.

Opsyonal na Aralin: Mahuhusay na Inaasahan – Mga Palatandaan at Sintomas ng Pagbubuntis – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga palatandaan at sintomas ng pagbubuntis at kikilalanin ang mga kasanayan sa prenatal na nag-aambag sa isang malusog na pagbubuntis.

Makatwirang Paliwanag para sa Ika-8 Baitang

Ang komunikasyon ay nagaganap araw-araw sa ating mga relasyon. Mayroong mga kasanayan sa komunikasyon na maaaring makakaapekto nang negatibo at positibo sa ating mga relasyon. Ipapakilala sa kabataan sa ika-8 baitang na yunit ng Sekswal na Kalusugan ang impormasyon sa sekswal na kalusugan na naaangkop sa edad at naaangkop sa paglaki, ayon sa inirerekomenda ng mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad, habang binibigyan din ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magsanay sa mga kasanayan sa interpersonal na komunikasyon upang mapahusay ang kanilang kalusugan at maiwasan o mabawasan ang mga panganib sa kalusugan

(Pambansang Edukasyon sa Kalusugan Pamantayan 4). Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na ibahagi ang kanilang natutunan, gayundin ang pagtataguyod sa isa't isa sa kung paano makipag-usap para sa sekswal na kalusugan ng isang tao.

Ika-8 Baitang

Tema: Pakikipag-usap para sa Sarili at Kasama ang Iba

Aralin 1: Batas ng mga Sekswal na Karapatan ng mga Mag-aaral at mga Inaasahan ng Yunit – Itatag ng mga mag-aaral ang mga aasahan sa silid-aralan, rerepasuhin ang Batas ng mga Karapatan ng Mag-aaral sa mga Pamublikong Paaralan ng Chicago, at kikilalanin ang mga aspeto ng epektibong komunikasyon.

Aralin 2: Mga Karaniwang Hadlang at Tulay sa Komunikasyon – Magtatalakayan ang mga mag-aaral tungkol sa mga hadlang at tulay na ginagamit sa komunikasyon at susuriin ang kanilang sariling komunikasyon.

Aralin 3: Maingat na Pagpipili sa Iyong mga Salita – Rerepasuhin ng mga mag-aaral kung paano maaaring mangyari ang maling komunikasyon at gagamitin ang kanilang pag-uunawa sa malusog na komunikasyon sa isang senaryo.

Aralin 4: Pakikipag-usap nang Hindi Nagsasalita: Ang Papel ng Pag-text sa mga Relasyon – Sisiyasatin ng mga mag-aaral kung paano maaaring mangyari ang maling komunikasyon kapag nagte-text at kung paano ito makakaapekto sa kanilang mga relasyon. Magbibigay ang mga mag-aaral ng isang halimbawa ng pag-text nang malinaw at magalang upang maiwasan ang maling komunikasyon.

Aralin 5: Pakikipag-usap Tungkol sa mga Bahagi ng Katawan: Isang Pagrerepaso sa mga Sistema – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang pangunahing reprodiktibong anatomya at pisyolohiya at aanalisahin kung paano nakakaapekto ang kanilang mga katawan sa kanilang sekswal na kalusugan.

Aralin 6: Pag-susuporta sa Iyong Kalusugan: Pagkikilala Kung Sino Ka – Ilalarawan ng mga mag-aaral ang sekswal na oryentasyon, pag-uugali, at kikilalanin kung paano ang mga konsepto ito ay natatangi ngunit magkakakonekta.

Aralin 7: "Berde, Dilaw, o Pula?" – Ano ang Naaangkop na Pag-uugali? – Tatalakayin ng mga mag-aaral ang mga pagkakaiba sa pagitan ng naaangkop, nakakalito at hindi naaangkop na mga pag-uugali sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng iba't ibang mga senaryo. **Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 8: Mga Babala: Pag-uunawa sa Sekswal na Pag-abuso at Pag-atake – Pangangalanan ng mga mag-aaral ang mga uri ng sekswal na pag-atake at ilalarawan ang mga posibleng epekto ng at kung paano iulat ang sekswal na pag-atake o isang mapang-abusong relasyon. Ipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-uunawa sa mga babala ng sekswal na panliligalig. **Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 9: Mga Impeksyong Naihahawa sa Pakikipagtalik – Matututo ang mga mag-aaral ang medikal na tumpak na impormasyon tungkol sa mga impeksyong naihahawa sa pakikipagtalik at HIV.

Aralin 10: Paano Makipag-usap sa isang Medikal na Propesyunal Tungkol sa Iyong Sekswal na Kalusugan – Ilalarawan ng mga mag-aaral ang mga aspeto ng isang medikal na pagsusuri at isang pagsusuri sa pelvis. Sasanayin ng mga mag-aaral na makipag-usap sa isang medikal na propesyunal tungkol sa kanilang sekswal na kalusugan.

Aralin 11: Pakikipag-usap Tungkol sa mga Pagpipilian – Matututo ang mga mag-aaral tungkol sa mga benepisyo at panganib ng mga pamamaraan ng kontrasepsyon, kabilang ang abstinensya, pag-urong, mga pamamaraang paghadlang, at mga pamamaraang hormonal. Rerepasuhin ng mga mag-aaral kung ano ang emerhesyang kontrasepsyon. Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga lokasyon upang ma-akses ang pangangalaga sa reproduktibo na kalusugan.

Aralin 12: Epektibong Komunikasyon upang Suportahan ang Iyong mga Pinahahalagahan – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga katotohanan ng mga sekswal na pag-uugali ng kabataan ng Chicago. Aanalisahin ng mga mag-aaral ang isang sitwasyon kung saan ang isang tao ay pinipilit ang isa pa na lumahok sa sekswal na mga pag-uugali at sisiyasatin ang mga epektibong diskarte sa komunikasyon kapag nakakaramdam ng pamimilit.

Aralin 13: Pagsasanay sa Iyong mga Kasanayan sa Komunikasyon para sa Positibong Sekswal na Kalusugan – Sasanayin ng mga mag-aaral ang mabisang kasanayan sa komunikasyon na nauukol sa isang paksa ng sekswal na kalusugan.

Makatwirang Paliwanag para sa Ika-9 na Baitang

Habang tumatanda ang kabataan, nagpapatuloy silang gumawa ng dumaraming mga desisyon sa kanilang buhay, kabilang ang mga iyong nauukol sa kanilang sekswal na kalusugan. Muling babalikan ng Yunit sa Sekswal na Kalusugan ng ika-9 na baitang ang DECIDE na mga Hakbang sa Paggawa ng Desisyon na ipinakilala sa mga yunit sa ika-5 at ika-6 na baitang upang lalo pang mapalakas ang paggamit ng mga mag-aaral sa malusog na paggawa ng desisyon (Pambansang Edukasyon sa Kalusugan Pamantayan 5). Ang mga hakbang na ito ay ginagamit sa iba't ibang mga paksa ng sekswal na kalusugan na naaangkop sa edad at naaangkop sa paglaki para sa mga teenager, ayon sa inirerekumenda sa mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad.

Ika-9 na Baitang

Tema: Pagpapasya na Pumasok sa Malusog na mga Relasyon

Aralin 1: Panimula sa Yunit ng Pagdedesisyon na Maging Malusog sa mga Relasyon – Magtatatag ang mga mag-aaral ng mga aasahan sa silid-aralan, rerepasuhin ang Batas ng mga Karapatan ng Mag-aaral ng mga Pampublikong Paaralan sa Chicago, at sisiyasatin ang konsepto ng paggawa ng desisyon na naaangkop sa sekswal na kalusugan.

Aralin 2: Kaninong Relasyon ang Pinaka-malusog? – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga katangian ng malusog at hindi malusog na mga relasyon.

Aralin 3: Ang DECIDE na Modelo ng Paggawa ng Desisyon – Sisiyasatin at gagamitin ng mga mag-aaral ang DECIDE na modelo ng paggawa ng desisyon.

Aralin 4: Mga Katanungan sa Sekswal na Kalusugan para Isasaalang-alang at Sasanaying Itanong ng mga Kabataan – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga dahilan kung bakit pinipili ng mga kabataan na lumahok o hindi lumahok sa mga sekswal na pag-uugali. Sasanayin ng mga mag-aaral ang pagtatanong tungkol sa mga desisyon sa sekswal na kalusugan na makakatulong sa kanila sa pagtukoy kung handa na silang lumahok sa mga sekswal na kalusugan na pag-uugali. **Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 5: Sekswal na Oryentasyon, Pag-uugali at Pagkakakilanlan: Ang Nararamdaman Ko, Ang Aking Gagawin, at Sino Ako – Susuriin ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng sekswal na oryentasyon, pag-uugali, at pagkakakilanlan.

Aralin 6: Pag-uunawa sa Kasarian – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa pagkakakilanlan ng kasarian at kasarian na itinalaga sa kapanganakan. Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga script ng kasarian, kung paano sinabihan ang mga tao na kumilos batay sa mga bahagi ng katawan.

Aralin 7: Pagtutulong sa Iba na Gumawa ng mga Positibong Desisyon sa Sekswal na Kalusugan – Sasanayin ng mga mag-aaral ang pagbibigay ng payo sa sekswal na kalusugan sa isang kathang-isip na teenager. Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga maaasahang mapagkukunan tungkol sa sekswal na kalusugan. **Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 8: Mga Pagpipilian para sa Proteksyon – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga anyo ng proteksyon at gagamitin ang isang modelo ng paggawa ng desisyon sa isang senaryo na nauukol sa pagbubuntis at pagpigil sa impeksyon na naihahawa sa pakikipagtalik.

Aralin 9: Paglikha ng Kumpiyansa sa Kondom – Ilalarawan at/o ipapakita ng mga mag-aaral kung paano gamitin nang wasto ang isang panlabas at panloob na kondom.

Aralin 10: Paano kung...? – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga sintomas ng pagbubuntis at sisiyasatin ang mga pagpipilian ng isang tao kapag nalaman nilang buntis sila. Tatalakayin ng mga mag-aaral ang mga kasanayan sa prenatal para sa isang malusog na pagbubuntis.

Aralin 11: Mahal Nila Ako ... Hindi Nila Ako Mahal – Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa mga katangian ng hindi malusog na mga relasyon at kung ano ang maaaring gawin upang iwanan ang ganitong uri ng relasyon. **Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 12: Hindi Ko Ito Kasalanan – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang mga epekto ng at ang kanilang damdamin tungkol sa panggagahasa at sekswal na pag-atake. Ipapaliwanag ng mga mag-aaral kung bakit ang taong ginahasa o sinalakay na sekswal ay hindi nagkasala kailanman.

Aralin 13-14: Pagtutulong sa Iba na Gumawa ng Malusog na mga Paggawa ng Desisyon sa Sekswal na Kalusugan – Gagamitin ng mga mag-aaral ang isang modelo ng paggawa ng desisyon sa isang makatotohanang desisyon sa sekswal na kalusugan at itatanghal ang kanilang pinal na desisyon.

Makatwirang Paliwanag para sa Ika-10 Baitang

Habang tumatanda ang kabataan, kailangan nilang maturuan ng mga kasanayan para sa mga pag-uugali na nagpapahusay ng kalusugan at para maiwasan o mabawasan ang mga panganib sa kalusugan. Ipapakilala sa kabataan sa ika-10 baitang na yunit sa Sekswal na Kalusugan ang impormasyon sa sekswal na kalusugan na naaangkop sa edad at naaangkop sa paglaki, ayon sa inirerekomenda ng mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad, habang itinataguyod din ang pagtanggap ng mga mag-aaral ng personal na responsibilidad para sa kanilang sekswal na kalusugan, gayundin ang mga mapagkukunan na mapupuntahan kapag maaaring mapinsala ang kalusugan ng isang tao (Pambansang Edukasyon sa Kalusugan Pamantayan 5). Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na ibahagi ang kanilang natutunan, pati na rin ang pagtataguyod sa isa't isa kung paano maging malusog at may kaalaman sa mga mapagkukunan ng sekswal na kalusugan.

Ika-10 Baitang

Tema: Pagiging May Kaalaman Kapag Nagbabasa ng mga Mapagkukunan ng Sekswal na Kalusugan

Aralin 1: Ang Batas ng mga Karapatan ng mga Mag-aaral at ang mga Inaasahan ng Yunit – Itatag ng mga mag-aaral ang mga aasahan sa silid-aralan at kikilalanin ang kanilang kamalayan sa mga pag-uugali sa sekswal na kalusugan. Ihahambing ng mga mag-aaral ang Batas ng mga Karapatan ng Mag-aaral sa Pampublikong Paaralan ng Chicago at ang Batas ng mga Karapatan ng mga Mag-aaral patungkol sa Sekswal na Kalusugan ng Mga Nagtataguyod para sa Kabataan.

Aralin 2: Pag-aalaga sa Iyong Katawan – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang terminolohiya na medikal na tumpak at sisiyasatin ang mga dahilan kung bakit magpapatingin ang isang mag-aaral sa isang medikal na propesyonal para sa mga pangangailangan sa sekswal na kalusugan.

Aralin 3: Ang mga Mapagkukunan ng Sekswal na Kalusugan sa Ating Komunidad – Sisiyasatin at susuriin ng mga mag-aaral ang mga lokal na mapagkukunan ng sekswal na kalusugan.

Aralin 4: Pagkatiwalaan Ito o Ibasura Ito – Susuriin ng mga mag-aaral ang kawastuhan at pagiging maaasahan ng mga online na mapagkukunan ng sekswal na kalusugan upang matukoy kung ang mga ito ay mapagkakatiwalaang mga pinagmulan.

Aralin 5: Ano ang Kahulugan ng Pagkakaroon ng isang Malusog na Relasyon? – Pag-aaralan ng mga mag-aaral ang mga katangian ng malusog, hindi malusog, at mapang-abuso na mga relasyon at kikilalanin ng mga mapagkakatiwalaang may sapat na gulang na maaari nilang puntahan at mga mapagkukunan na maaari nilang gamitin kung sila ay nasa hindi malusog o mapang-abuso na mga relasyon. **Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 6: Paggamit ng Teknolohiya nang Gumagalang at Responsible – Tutukuyin ng mga mag-aaral ang sexting at sisiyasatin ang mga batas at kahihinatnan na may kaugnayan sa sexting kapag mas bata sa 18 taong gulang.

Aralin 7: Ang mga Katotohanan ng Sekswal na Pag-atake – Ipapakita ng mga mag-aaral ang pag-uunawa na walang sinuman ang may karapatang lumabag sa mga hangganan ng ibang tao. Matututo sila kung paano kumilos kapag sila ay sumaksi o pinagbigay-alam tungkol sa hindi naaangkop na mga sekswal na pag-uugali. ***Sinusuportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.***

Aralin 8: Mga Katanungan Tungkol sa Sekswal na Kalusugan na Isasaalang-alang at Sasanaying Itanong ng mga Kabataan – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga dahilan kung bakit pinipili ng mga kabataan na lumahok o hindi lumahok sa mga sekswal na pag-uugali at sasanayin sa pakikipag-usap tungkol sa sekswal na kalusugan.

Aralin 9: Malusog na mga Relasyon at Pahintulot – Tutukuyin ng mga mag-aaral ang pahintulot at ipapakita ang pag-uunawa sa pagbibigay at pagtatanggap ng malinaw na pahintulot sa mga sitwasyon. Kikilalanin ng mga mag-aaral ang pagkakaiba sa pagitan ng pahintulot, pamimilit at tinanggalan ng kakayahan.

Aralin 10: Hayaan Mo Akong Sabihin sa Iyo – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang kanilang sariling istilo ng komunikasyon at ipapakita kung paano makipag-usap sa isang kapareha tungkol sa panganib ng mga impeksyong naihahawa sa pakikipagtalik (mga STI) at kung paano protektahan ang kanilang sekswal na kalusugan. Matututo ang mga mag-aaral ang tungkol sa kung paano at kung saan susuriin para sa mga STI.

Aralin 11: Alamin ang Iyong mga Pagpipilian – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang mga pamamaraan ng kontrasepsyon at aanalisahin ang mga dahilan kung bakit nais ng mga mag-aaral na gumamit ng mga kontraseptibo.

Aralin 12: Sekswal na Kasiyahan – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang kasaysayan at pang-agram na mga yugto ng siklo ng sekswal na pagtugon.

Aralin 13: Pagtataguyod para sa Ating Lugar, Ligtas na Lugar – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang pagkakasakop ng LGBTQ+ sa kanilang paaralan at matututo ang tungkol sa adbokasiya at pagloloji para sa pagbabago upang mapabuti ang pangkalahatang pagkakasakop.

Aralin 14: Pagkakataon Mo: Pagtuturo sa Iba Tungkol sa Pagiging Isang Taong Malusog na May Sekswal na Kaalaman – Sasanayin ng mga mag-aaral ang pagtuturo sa iba tungkol sa isang paksa sa sekswal na kalusugan na tinalakay sa panahon na ito.

Makatwirang Paliwanag para sa Ika-11 Baitang

Ang ika-11 baitang na yunit sa Sekswal na Kalusugan ay magbibigay ng isang pagrerepaso ng mga paksa sa sekswal na kalusugan na itinuro sa loob ng nakaraang mga baitang, gayundin ang karagdagang impormasyon na naaangkop sa edad at naaangkop sa paglaki na nabanggit sa mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad. At saka, tuturuan ang mga mag-aaral ng mga kasanayan na kinakailangan upang matiyak na maa-akses ng mga mag-aaral ang wastong impormasyon sa sekswal na kalusugan, mga produkto, at mga serbisyo (Pambansang Edukasyon sa Kalusugan Pamantayan 3).

Mabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na magsaliksik sa isang panig ng isang may-katuturan at makabuluhang isyu sa sekswal na kalusugan at pagkatapos ay idebate ang kanilang panig sa kanilang mga kaedad.

Ika-11 Baitang

Tema: Pag-akses sa Wasto at Maaasahang mga Mapagkukunan upang Ipagtaguyod ang mga Karapatan sa Sekswal na Kalusugan

Aralin 1: Ang Batas ng mga Karapatan ng mga Mag-aaral sa Sekswal na Kalusugan at ang mga Inaasahan ng Yunit – Itatag ng mga mag-aaral ang mga aasahan sa silid-aralan.

Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang Batas ng mga Karapatan ng Mag-aaral ng Pampublikong Paaralan ng Chicago at ang Batas ng mga Karapatan ng mga Mag-aaral patungkol sa Sekswal na Kalusugan ng mga Nagtataguyod para sa Kabataan.

Aralin 2: Pagrerepaso ng Ano ang Tungkol sa Sekswal na Kalusugan – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang impormasyon sa sekswal na kalusugan at magsisimulang pagmumunihan ang paksa ng sekswal na kalusugan na kanilang pagtutuunan para sa kanilang debate sa pangkat.

Aralin 3: Pag-aanalisa sa mga Website ng Sekswal na Kalusugan para sa mga ACCESS Skill Cue – Aanalisahin ng mga mag-aaral ang mga online na mapagkukunan sa kalusugan gamit ang mga ACCESS Skill Cue. Ang ACCESS (kawastuhan, kredibilidad, kasalukuyan, kadalian ng paggamit at pag-akses, mga sitwasyon, suporta) (o accuracy, credibility, current, ease of use and access, situations, support) ay isang acronym para sa mga kasanayang ginagamit upang ma-akses ang may-bisa at maaasahang impormasyon.

Aralin 4: Aking Buhay, Aking mga Desisyon – Kikilalanin ng mga mag-aaral ang mga mensahe na natanggap nila mula sa mga tao sa kanilang buhay at iba pang mga salik patungkol sa sekswal na kalusugan at kung paano makakaapekto ang mga mensaheng ito sa kanilang sekswal na paggawa ng desisyon.

Aralin 5: Paano ang Pagtingin Mo sa mga Tao? – Ilalarawan ng mga mag-aaral ang mga naunang paniwala ng mga kategorya ng mga tao at sisiyasatin ang mga paraan kung saan ang mga pananaw sa sarili ay maaaring makaapekto sa paggawa ng desisyon sa sekswal na kalusugan.

Aralin 6: Paano Tayo Maging mga Matulongin at Kapani-paniwalang Bystander? – Pag-aaralan ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng pag-uugali at kung paano nakakaapekto ang mga pag-uugali sa mga relasyon. Ipapakita ng mga mag-aaral kung paano kumilos kapag nakakasaksi ng hindi naaangkop na mga sekswal na pag-uugali. **Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 7: Ang mga ACCESS Skill Cue at Kasalukuyang Pananaliksik – Aanalisahin ng mga mag-aaral ang mga artikulo sa journal tungkol sa sekswal na kalusugan gamit ang mga ACCESS skill cue.

Aralin 8: Ang Aking mga Hangganan – Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga hangganan at magpapakita ng isang pag-uunawa sa pangangailangan na makipag-usap tungkol sa mga hangganan sa isang relasyon.

Aralin 9, 10, at 11: Pananaliksik at Paghahanda para sa mga Debate sa Sekswal na Kalusugan – Paggamit ng mga mag-aaral ng mga ACCESS skill cue habang nagsasaliksik ng mga isyu sa sekswal na kalusugan. Magbubuo ang mga mag-aaral ng mga argumento para sa iba't ibang mga isyu sa sekswal na kalusugan.

Aralin 12, 13 at 14: Mga Debate sa Sekswal na Kalusugan ng mga Mag-aaral – Magdedebate ang mga mag-aaral sa mga panid sa isyu ng sekswal na kalusugan upang mapahusay ang pag-uunawa sa kanilang sariling mga saloobin at kahalagahan tungkol sa sekswal na kalusugan.

Makatwirang Paliwanag para sa Ika-12 Baitang

Ang Baitang 12 na yunit sa Sekswal na Kalusugan ay nakatuon sa isang pangkalahatang-ideya ng pitong (7) paksa sa sekswal na kalusugan na nabanggit sa mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad. Matututo din ng mga mag-aaral ang mga pangunahing kasanayan na kinakailangan upang maging isang tagapagtaguyod (Pambansang Edukasyon sa Kalusugan Pamantayan 8) at mabibigyan ng pagkakataon na magsaliksik ng isang partikular na isyu sa sekswal na kalusugan na may kaugnayan at makabuluhan. Pagkatapos ay lilikha ang mga mag-aaral ng mga presentasyon para sa kanilang mga kaedad, na sumusuporta sa mga aspeto ng "I CARE" na acronym ng adbokasiya sa loob ng kanilang pinal na pagtatanghal.

Ika-12 Baitang

Tema: Pagtataguyod para sa Positibong Sekswal na Kalusugan para sa Iyong Sarili at sa Iba

Aralin 1: Batas sa mga Karapatang Sekswal ng mga Mag-aaral at mga Inaasahan ng Yunit – Itatag ng mga mag-aaral ang mga aasahan sa silid-aralan, sisiyasatin ang Batas ng Karapatan ng Mag-aaral ng mga Pampublikong Paaralan ng Chicago, at tutukuyin ang adbokasiya.

Aralin 2: Ano ang Sekswal na Kalusugan? – Rerepasuhin ng mga mag-aaral ang impormasyon sa sekswal na kalusugan na may kaugnayan sa pitong paksa ng sekswal na kalusugan ng mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekswalidad at gamitin ang "I CARE" na acronym ng adbokasiya sa itinanghal na paksa sa sekswal na kalusugan.

Aralin 3: Mga Malusog na Relasyon at Pahintulot – Sisiyasatin ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagkikilala ng malinaw na pahintulot at kung paano ito mahalaga sa isang magalang na relasyon. **Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 4: Pang-aabuso Ba Kung...? – Ilalarawan ng mga mag-aaral ang mga katangian ng mga uri ng pang-aabuso sa relasyon at kikilalanin ang mga mapagkukunan na magagamit nila kung nakakaranas o nakasaksi sila ng pang-aabuso. **Sinusupportahan ng araling ito ang mga iniaatas ng Erin's Law.**

Aralin 5: Pantasya o Katotohanan? Paano Naaapektuhan ng mga Sekswal na Espesipiko na Materyal ang Ating Pagtingin sa mga Relasyon – Tatalakayin ng mga mag-aaral ang sekswal na espesipiko na nilalaman sa media at ang mga paraan kung saan ang mga

representasyon ng seks at sekswalidad ng media ay maaaring makaapekto sa sekswal at romantiko na mga relasyon.

Aralin 6: Pagtataguyod para sa Pagsusuri sa STI – Tatalakayin ng mga mag-aaral ang pagsusuri ng STI, kabilang ang kanilang mga karapatan patungkol sa pagsusuri, mga dahilan kung bakit pipiliin o hindi na masuri, at mga mapagkukunan para sa pagsusuri.

Aralin 7: Ano ang Aking mga Reproductibo na Karapatan – Ilalarawan ng mga mag-aaral ang mga karapatan ng mga teenager na may kaugnayan sa kanilang sekswal at reproductibong kalusugan at paggawa ng desisyon.

Aralin 8-10: Pananaliksik at Paghahanda para sa mga Pagtatanghal ng mga Pagtataguyod ng Sekswal na Kalusugan ng mga Mag-aaral – Ang mga mag-aaral ay magsasaliksik at maghahanda ng mga pagtatanghal sa partikular na mga isyu sa sekswal na kalusugan na may kaugnayan at makabuluhan.

Aralin 11-12: Mga Pagtatanghal ng mga Pagtataguyod ng Sekswal na Kalusugan ng mga Mag-aaral – Ipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang napiling mga isyu sa sekswal na kalusugan at susuriin ang kanilang mga pagtatanghal ng kanilang mga kaedad.

Opsyonal na Aralin: HIV Ngayon – Pagsusuri at Paggamot – Matututo ang mga mag-aaral kung paano nila mapapababa ang kanilang panganib na magkaroon ng HIV at sisiyasatin ang mga pagpipilian sa pagsusuri at paggamot.